

# MGA PAMAMARAAN SA

# PAGPAPATAKBO NG IAATO PARA SA


# PAGMAMASID SA MGA BALYENA



ANG MGA PAMAMARAANG ITO AY NAAANGKOP SA LAHAT NG VESSEL KASAMA ANG MGA BARKO, MALILIIT NA BANGKA<sup>1</sup>, KAYAK, ATBP.

## PAGLAPIT SA MGA BALYENA

Dapat sundin ang mga itinakdang distansya ng paglapit/pagmamasid, kung ipagpapalagay na hindi nagpapakita ang mga hayop. Ng mga palatandaan ng pagkaistorbo mula sa iyong presensya. Tandaan na maaaring kailanganin ng iyong permit/awtorisasyon na magpanatili ng mas malaking distansya. Ang mga hayop lang ang dapat magdikta ng mas malalapit na pakikipag-ugnayan. Huwag kailanman lalapit sa mga cetacean mula sa harap o nang direkta sa likod. Lumapit mula sa gilid, sa isang anggulo.



### ZONE 1 400m/ 1300ft

- Huwag lumampas sa 5 knots AT huwag mas bibilis kaysa sa wake speed
- Dapat nakatigil ang mga makina kung ligtas na gawin ito
- Huwag lumapit sa mga kumakaing baleen whale nang mas malapit sa 200m/600ft

### ZONE 2 100m/ 300ft

- Ang lahat ng vessel, kabilang ang maliliit na bangka at sasakyang pantubi g na pinapatakbo ng tao ay dapat manatili sa ganitong distansya

## PAGMAMASID SA MGA BALYENA AT PAG-UNAWA SA GAWI

Maaaring magbago ang mga gawi ng mga hayop kung naistorbo sila. Mag-ingat.

Magkakaiba ang bawat pagharap sa balyena; maaaring ganap na magkakaiba ang pagtugon ng mga indibidwal at iba't ibang specie sa presensya ng mga vessel. Ang mga sumusunod na gawi ay maaaring magpahiwatig ng stress o pagkaistorbo:

- Mga biglaan/paiba-ibang paggalaw; mga pagbabago sa mga direksyon sa paglalakbay
- Mga regular na pagbabago sa direksyon o bilis
- Paglayo sa lugar
- Malinaw na karaniwang pagkabalisa
- Mga padalos-dalos na pagsisid
- Mga pag-ihip ng trumpeta (malalakas, malalalim na pagbuga)

[WWW.IAATO.ORG](http://WWW.IAATO.ORG)

Dapat sumunod ang mga operator ng vessel sa anumang karagdagang mga kinakailangan ng bansa, buong mundo, o IAATO ukol sa limitasyon sa bilis. May mga espesyal na hakbang sa proteksyon ang ilang lugar sa buong taon upang makatulong na mabawasan ang pagkaistorbo at pisikal na pinsala sa mga balyena. Tandaan na hindi pinapalitan ng pamamaraan sa pagmamasid sa wildlife ng IAATO at ng iba pang Pamamaraan sa Pagpapatakbo ang anumang lokal na batas ng pamahalaan. Ang ilang bansa ay may mga alituntunin o regulasyon na mas mahigpit kaysa sa IAATO na maaaring mangibabaw sa mga pamamaraan ng IAATO. Maaaring parusahan ang paglabag sa mga pambansang regulasyon sa pamamagitan ng mga multa, pagkakabilanggo, at, sa matitinding kaso, pagpapahinto ng vessel.

<sup>1</sup>Para sa mga layunin ng dokumentong ito, ang 'maliliit na bangka' ay tinutukoy bilang mga Zodiac-style na Inflatable na bangka, gaya ng mga rigid o semi-rigid hull na Inflatable na bangka o anumang katulad na maliliit na landing craft na ginagamit para sa pakikipag-ugnayan sa pampang.

- Ang pagtalon mula sa tubig, paghampas ng buntot at paghampas ng pectoral flipper ay maaaring mangahulugan na ang mga balyena ay nakikisalamuha o kumakain at maaaring hindi nila alam na may mga bangka. Ang mga gawing ito ay maaari ding magpahiwatig ng stress.
- Kung may mapapansin kang pagbabago sa gawi, hayaan ang hayop na umalis o dahan-dahan at maingat na lumayo sa hayop kapag ligtas na itong gawin. (Hindi mas mabilis kaysa sa wake speed/ 5 knots).
- Partikular na mag-ingat sa mga orca na maaaring mas madaling maapektuhan ng pagkaistorbo.
- Kung lalapit ang mga orca sa mga kayak at sisimulan nila ang 'spy-hopping na gawi,' tiyaking malapit sa mga kayak ang mga bangkang pangkaligtasan. Pag-isipang ilipat ang mga paddler sa maliliit na bangka mula sa mga kayak kung kinakailangan.
- Maaaring lumapit ang mga mammal na pandagat at manatili sa iyong mga vessel. Kung gayon, hayaan lang na magpalutang-lutang ang vessel. Hindi dapat lumutang ang mga vessel sa daanan ng balyena.

## KODIGO NG PAG-UUGALI SA PALIGID NG MGA MAMMAL NA PANDAGAT



- Samahan ang hayop nang hanggang 30 minuto. Kung magkakaroon ng mga palatandaan ng pagkaistorbo sa anumang oras sa panahon ng pananatili, umatras nang dahan-dahan at tahimik.
- Mas malamang na makakaabala sa mga mammal na pandagat ang maraming vessel. Iminumungkahi na maximum na dalawang barko o apat na maliliit na bangka ang magmamasid sa anumang pagkakataon.
- Makipag-ugnayan sa iba upang matiyak na may malaking bukas na daanan ang mga hayop upang makaalis at hindi kailanman mapapalibutan ang hayop.
- Manatili sa bahagi ng pampang (lupa) mula sa mga balyena kapag bumibiyahe malapit sa pampang.
- Huwag kailanman tipunin (palibutan), paghiwa-hiwalayin, o itaboy ang pangkat ng mga mammal na pandagat, lalo na ng mga ina at ang kanilang mga anak.
- Hayaang dumaan ang mga balyena, at huwag na huwag silang hahabulin o susundan.
- Huwag subukang hawakan o pakainin ang mga hayop.
- Iwasan ang mga biglaang pagbabago sa ingay na maaaring makagulat o makaistorbo sa hayop. Gumalaw nang dahan-dahan.
- Panatiliing mahina ang mga boses at volume ng radyo.
- Ipinagbabawal ang pag-playback ng anumang uri ng tunog sa ilalim ng tubig. Kung gumagamit ng mga hydrophone mula sa maliliit na bangka upang pakinggan ang mga tunog sa ilalim ng tubig, mas mainam na patayin ang mga makina ng maliliit na bangka kung ligtas itong gawin.

## PAG-ALIS NG MGA VESSEL SA PAGMAMASID SA BALYENA

- Gumalaw sa mabagal na hindi wake speed sa 400m/1,300ft na distansya.
- Huwag bilisan hanggang sa lumampas ka na sa 400m layo mula sa (mga) hayop.
- Habang lumalayo, iwasang gumalaw sa harap ng hayop. Palaging gumalaw patungo sa likuran.

